

Mga tunay na halimbawa sa hindi pagkansela ng visa dahil sa may wastong dahilan kung bakit hindi nagagampanan ang mga gawain ng isang taong nasa katayuan bilang asawa

Hulyo, 2012

Kawanihan ng Imigrasyon, Kagawaran ng Katarungan

Sa loob ng Immigration Control and Refugee Recognition Law (tatawaging Immigration Act sa ibaba.), ang isang banyagang may hawak ng visa tulad ng “Asawa ng Hapon atbp.” o kaya ay “Asawa ng permanent resident atbp.” bilang asawa ng isang Hapon, Permanent resident, o Special permanent resident, “sinomang patuloy na naninirahan sa Japan at nasa katayuan ng pagiging asawa ngunit hindi nagagampanan ang gawain bilang isa, ng mahigit sa 6 na buwan”, maliban lamang kung may “wastong dahilan”, ay makakasama sa makakansela ang tinatangang visa (basahin sa blg. 7, takda 1 ng artikulo 22-4 ng Immigration act).

Sa pagpapalagay ng kawanihan ng imigrasyon, kagawaran ng katarungan, na maipatupad ang pagbibigay linaw sa pagpapakansela ng visa, aming ipapahayag ang mga pangunahing halimbawa sa hindi pagkansela ng visa dahil mayroon itong “wastong dahilan” (ang pasya kung ikakansela o hindi ang visa, ay magiging ayon sa indibidwal/aktwal na sitwasyon at hindi lamang limitado sa mga halimbawa na ipapakita sa hulihan).

Gayunman, mayroon kaming plano na magdagdag ng mga tunay na halimbawa sa hindi pagkansela ng visa kung kinakailangan upang i-ayon ang sitwasyon kaugnay sa pagpapatupad sa sistema ng kanselasyon ng visa.

(Paunawa) Kung sakaling mapatunayan ang “patuloy na paninirahan ng sinoman sa Japan na may katayuan ng pagiging asawa ngunit hindi nagagampanan ang gawain bilang isa, ng

mahigit sa 6 na buwan“, at kung ang visa ng isang banyaga ay kakanselahin dahil dito, magbibigay ng konsiderasyon ang kawanihan ng imigrasyon, kagawaran ng katarungan na mabigyan ng pag-kakataon na makapag-apply para sa change of status of residence o kaya ay aplikasyon para sa permanent resident (Basahin ang artikulo 22-5 ng Immigration act).

Kahit na patuloy na naninirahan sa Japan ang sinoman na nasa katayuan ng pagiging asawa ngunit hindi nagagampanan ang gawain bilang isa ng mahigit sa 6 na buwan, ngunit kung may tamang sitwasyon tulad ng pag-aalaga at pagpapalaki ng sariling anak na may nasasaklawang asyonalidad bilang Hapon, maaari siyang mapahintulutan na magpalit ng ibang visa.

Paglalarawan

- 1 Kung kinakailangan ng panandaliang mapagkukublihan o kaya ay proteksyon dahil sa pananakit ng asawa (o DV (Domestic Violence)).
- 2 Namumuhay ng hiwalay, ngunit katulong ang asawa sa pagtataguyod ng kabuhayan dahil sa hindi maiiwasang sitwasyon kaugnay ng pagpapalaki ng anak atbp.
- 3 Kinakailangang manatili ng mahabang panahon sa labas ng Japan sa pamamagitan ng re-entry permit (kasama ang special re-entry permit) dahil sa karamdaman ng isang Kapamilya sa bansang pinanggalingan atbp.
- 4 Kasalukuyang nasa proseso ng pagdi-diborsyo (.arbitrasyon o litigasyon)

<Mga alituntunin sa Immigration Act>

Immigration Control and Refugee Recognition Law (Bahagi)

(Kanselasyon ng Visa)

Artikulo 22-4 Maaaring ikansela ng ministro ng kagawaran ng katarungan ang visa ng isang banyagang naninirahan sa Japan at nagtatagan ng visa tulad ng binabanggit sa naunang column ng Attachment blg. 1 o 2 (maliban sa sinomang mayroong refugee recognition ayon sa takda 1 ng artikulo 61-2), kapag siya ay napag-alaman na may sitwasyong tulad ng nakasulat sa bawat sumusunod na pahayag, sa pamamagitan ng alituntunin na itinakda sa ordinansa ng kagawaran ng katarungan.

1~6 (Nilaktawan)

7-Sinomang may visa bilang asawa ng Hapon (tumutukoy lamang sa sinoman na nasa katayuan ng pagiging asawa ng Hapon (Maliban kung una nang inampon ng isang Hapon, ((taong 29 ng Meiji, blg. 89 ng batas) tinatawag na “specially adopted child” mula sa alituntunin sa artikulo 817-2 ng Batas Sibil. Katulad sa ibaba.) o kaya ay isinilang bilang anak ng Hapon.) at naninirahan sa Japan o kaya ay sinomang may visa bilang asawa ng permanent resident (Tumutukoy lamang sa sinoman na nasa katayuan ng pagiging asawa ng isang permanent resident (Maliban lamang sa sinomang una ng isinilang sa Japan bilang anak ng isang permanent resident at matapos nito ay tuloy-tuloy ang paninirahan.)) at naninirahan sa Japan, nasa katayuan ng pagiging asawa ngunit hindi nagagampanan ang gawain bilang isa, ng mahigit sa 6 na buwan (maliban lamang kung may wastong dahilan.).

8-10 (Nilaktawan)

Artikulo 22-5 Ang sinomang banyaga na pumapailalim sa takda blg.1 sa naunang artikulo, at napag-alaman na may sitwasyong tulad ng nakasulat sa blg. 7 ng parehong takda at ang visa ng taong ito ay kakanselahin, kailangang bigyang konsiderasyon ng ministro ng kagawaran ng katarungan na mabigyan ng pagkakataon ang naturang banyaga na makapag-apply para sa pagpapalit ng visa ayon sa artikulo 20, takda blg.2 o kaya ay aplikasyon para sa permanent resident ayon sa artikulo 22, takda blg. 1.